

# Manatiling Nakikipag-ugnayan sa FEMA

---

**Release Date: December 20, 2023**

Para sa mga Taga-Florida na nag-apply para sa tulong mula sa FEMA, napakahalaga na manatiling nakikipag-ugnayan sa FEMA. Mangyaring kontakin ang FEMA upang magbigay ng anumang bagong impormasyon tungkol sa iyong aplikasyon o makakuha ng mga sagot sa iyong mga katanungan tungkol sa iyong katayuan ng pagiging karapat-dapat.

Kapag nakikipag-ugnayan sa FEMA, mangyaring sumangguni sa siyam na digit na numero ng application na ibinigay sa iyo noong nag-apply ka. Ang numerong ito ay kasama sa lahat ng sulat na natatanggap mo mula sa FEMA.

Ang nawawalang o hindi napapanahong materyal ay maaaring maging dahilan ng pagkaantala ng isang application. Ang impormasyon na maaaring kailanganing i-update ay kinabibilangan ng:

- Ang iyong kasalukuyang sitwasyon sa pabahay, numero ng telepono o address sa koreo.
- Pagdaragdag o pag-alis ng pangalan ng isang taong itinalaga upang magsalita para sa iyo.
- Pagdaragdag o pagbabago ng mga pangalan ng mga miyembro ng sambahayan at bilang ng mga taong naninirahan sa bahay.
- Dokumentasyon ng Seguro
- Mga dokumento na sumusuporta sa kahilingan sa apela. (Mga tantiya, resibo)
- I-update ang iyong kagustuhan sa pagbabayad

Upang i-update ang iyong impormasyon, maaari kang lumikha ng isang account sa [DisasterAssistance.gov](https://www.fema.gov/disaster-assistance), o tumawag sa Linya ng Tulong sa 800-621-3362.

Ang linya ng telepono ay bukas araw-araw mula 7 n.u. hanggang 10 n.g. sa Silangang Pamantayang Oras. Ipapahayag ang binagong iskedyul sa bakasyon para sa linya kapag magagamit na ito. Maaaring makakuha ng tulong sa maraming wika. Kung gumagamit ka ng isang serbisyo ng relay tulad ng VRS (serbisyo ng relay sa bidyo), serbisyo ng naka-caption na telepono o iba pa, mangyaring ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon.



**FEMA**

Page 1 of 2

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Florida mula sa Bagyong Idalia, bisitahin ang [floridadisaster.org/updates/at fema.gov/disaster/4734](https://floridadisaster.org/updates/at-fema.gov/disaster/4734). Sundin ang FEMA sa X na dating kilala bilang Twitter sa [twitter.com/femaregion4](https://twitter.com/femaregion4) at sa [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema).



**FEMA**